# 3. Paano kumuha ng pangangalaga

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad

Kung wala ka pang 18 taong gulang, hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga para makakuha ng ilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at pwede mong matanggap ang mga ito nang kumpidensyal, nangangahulugang hindi aabisuhan o kokontakin ang magulang o tagapag-alaga mo kung makuha mo ang mga serbisyong ito nang wala ang nakasulat na pahintulot mo. Tinatawag ang mga serbisyong ito na mga serbisyong pagpapahintulotsa menor de edad.

Pwede mong makuha ang mga sumusunod na serbisyo kung ikaw ay wala pang **12 taong gulang:**

- Mga serbisyo para sa sekswal na pang-aabuso
- Mga serbisyo sa pagbubuntis at nauugnay sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, tulad ng mga serbisyo ng pagpipigil sa pagbubuntis (hal., birth control)

Bukod sa mga serbisyong nakalista sa itaas, pwede ka ring makakuha ng mga sumusunod na serbisyo kung **12 taong gulang ka o mas matanda**:

- Paggamot o pagpapayo sa kalusugan ng isip para sa outpatient. Depende sa pagkagulang at kakayahang mong makibahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan, ayon sa pagpapasiya ng isang propesyonal
- Diagnosis at paggamot ng mga impeksyon, nakakahawa, o madaling maipasa na sakit, kabilang ang HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, diagnosis sa sintomas, at paggamot ng mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI) tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex

- Mga serbisyo ng karahasan sa matalik na kapareha
- Paggamot ng karamdaman sa paggamit ng substansya (SUD) para sa pag-abuso sa droga at alkohol
  Kabilang ang pagsusuri, pagtatasa, interbensyon, at mga serbisyo ng referral

Pwede kang makakuha ng mga serbisyon pagpapahintulot sa menor de edad mula sa kahit anong provider ng Medi-Cal o klinika. Hindi kailangang nasa network ng HPSM ang mga provider . Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP o paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung gagamit ka ng provider na hindi kabilang sa network para sa mga serbisyong **hindi**kaugnay sa mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad, pwedeng hindi ito masaklaw.

Para makahanap ng provider ng Medi-Cal na wala sa HPSM Medi-Cal network para sa mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad, o para humiling ng tulong sa transportasyon papunta sa provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng HPSM sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 7-1-1).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong kontraseptibo, basahin ang “Mga serbisyong pang-iwas at kapakanan at pamamahala ng mga malalang sakit” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Hindi sinasaklaw ng HPSM mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad na Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (SMHS) o mga karamihang serbisyo ng SUD. Saklaw ng county kung saan ka nakatira ang mga serbisyong ito. Para matuto pa, kabilang kung paano ma-access ang mga serbisyong ito, basahin ang “Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (SMHS)” at “Mga Serbisyo sa Paggamot ng Karamdaman sa Paggamit ng Substansya (SUD)” sa Kabanata 4 ng handbook na ito. Para matuto pa, tumawag sa 1-800-750-4776, Opsyon 1.

Para sa isang listahan ng lahat ng toll-free na numero ng telepono ng mga county, para sa SMHS pumunta sa:
http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx

Para sa isang listahan ng mga toll-fee na numero ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo ng paggamot sa SUD, pumunta sa:
https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

---

Ang mga menor-de-edad ay pwedeng makipag-usap sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 nurse line sa 1-833-846-8773.

Pwede kang humiling na kumuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na anyo o format, kung available. Pwede itong ipadala sa iyo sa ibang lokasyon. Para matuto pa tungkol sa kung paano hihiling ng kumpidensyal na makikipag-usap na nauugnay sa sensitibong mga serbisyo, basahin ang "Abiso ng mga pampribadong kasanayan" sa Kabanata 7 ng handbook na ito.